



Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF MUNTINLUPA CITY

Office of the Schools Division
Superintendent

MEMORANDUM

CAMPAIGN AGAINST POLIO OUTBREAKS

To: Assistant Schools Division Superintendent
Chief Education Supervisor, Curriculum Implementation Division
OIC-Chief Education Supervisor, School Governance and Operations Division
Public Elementary and Secondary School Heads/OICs
All Others Concerned

1. Attached is a letter from Dr. Juancho H. Bunyi, Department Head, City Health Office dated April 02, 2024 on the above-captioned title, the contents of which are self-explanatory, for the information and guidance of all concerned.
2. Relative to this, all schools are requested to include the files in the attached Google drive link in the discussion about dengue and its prevention. (Link: <https://bit.ly/43EBJ89>)
3. Immediate and wide dissemination of this Memorandum is desired.


EVANGELINE P. LADINES CESOSA V
Schools Division Superintendent

Enclosure: As stated
References: None
To be indicated in the Perpetual Index
under the following subjects:

COMMUNICATION HEALTH STUDENTS

MML / DM – Campaign Against Polio Outbreaks
126 / April 05, 2024

UN-2024-126



Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave, Brgy. Tunasan, Muntinlupa City
8805-9935, 8805-9940
sdo.muntinlupa@gmail.com
deped-muntinlupa.com

0915057

APR. 2024 - 185



Republika ng Pilipinas
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
TANGGAPAN NG PANGKALUSUGAN



CHO.com 24 - 0827

02 April 2024

Ms. EVANGELINE P. LADINES, CESO V
School Division Superintendent
School Division Office

RECEIVED BY:

EVELYN N. DINGAL
Admin Officer II - Records Unit
Date: 4-4-24 4:45PM

Dear **Ms. Ladines**,

Greetings!

Following the World Health Organization (WHO) declaration that the Philippines was Polio-free in 2021, the Department of Health (DOH) has continuously endeavored to maintain this status through environment and disease surveillance, and increasing immunization coverage. However, the COVID 19 pandemic led to stagnation in Polio vaccine coverage, leaving approximately 600,000 children born during this period vulnerable to the disease.

Hence, the Department of Health (DOH) will launch the nationwide implementation of the CY 2024 Bivalent Oral Poliovirus Vaccine Supplementary Immunization Activity (bOPV SIA) under the leadership of the Metro Manila Center for Health Development this coming **April 15 to May 15, 2024**. The main objective of this activity is to immunize children ages **0 - 59 months old** with the Polio Vaccine (OPV) to prevent Polio outbreaks and complications from vaccine preventable diseases.

In support to the aforementioned, the Muntinlupa City will roll-out the Supplemental Immunization Activity (SIA) to be spearheaded by the City Health Department.

To meet the main objective of this campaign, we humbly request your support in advocacy and awareness through announcements, cascading of information to all schools, and posting of promotional materials regarding the campaign in your respective official social media accounts. IEC materials can be accessed through this link: <https://bit.ly/43EBJ89>, for the purpose of rapidly disseminating the information.

Attached are the IEC Materials for your reference. Should you have any concerns, you may contact the City Health Office telephone number **(02) 8541 - 3485**, and look for our health promotion staff **Ms. Mirriam Gahon and Ms. Irra Aguilar**.

Thank you for your relentless support in the program.

Sincerely,

JUANCHO H. BUNYI, MD, MPH
Officer-in-Charge
City Health Office

Healthy
Pilipinas



MUN
Muntinlupa
Nalalaganap!



unicef
for every child

World Health
Organization
Philippines



CHIKITING LIGTAS

sa dagdag na bakuna
kontra Polio!

Pabakunahan ang inyong mga anak laban sa **Polio!**

Three (3) doses of bOPV
+ Two (2) doses of IPV
0-23 buwan

One (1) dose of bOPV
24-59 buwan



City Health Office - Muntinlupa



(02) 8541 - 3485



Centennial Avenue, Laguerta
Tunasan, Muntinlupa City

CHO - Health Promotion Unit

Ligtas at epektibo ba ang oral polio vaccine o OPV?

Oo. Subok at de-kalidad ang bakuna laban sa Polio na ginagamit sa Pilipinas. Ito rin ang bakunang ibinabahagi sa buong mundo upang maprotektahan ang lahat ng bata mula sa sakit na ito.

Mahigit sa **11M**

na bata ang naprotektahan laban sa polio outbreak noong 2019 - 2020 sa tulong ng OPV na higit 40 taon nang ginagamit.



Ligtas ba na mabigyan ng dagdag na OPV ang mga bata, kahit na ilang beses na silang nakatanggap nito?

Oo. Ligtas ito at walang overdose. Mahalagang mabigyan ng dagdag na OPV ang mga bata para sa dagdag proteksyon laban sa polio.

Ilang doses ng OPV ang kailangan para maging protektado ang aking anak laban sa Polio?

Kailangan ng maraming doses para mabuo ang proteksyon ng bata laban sa Polio. Kaya sa schedule ng routine immunization, **ang OPV ay ibinibigay ng tatlong beses at ang IPV ay dalawang beses.**

Ngayong may banta ng outbreak, **nagbibigay ng dagdag na dose ng OPV** sa mga bata para sa dagdag proteksyon nila laban sa polio. Ligtas at walang overdose sa bakunang ito.



Pabakunahan ang inyong mga anak laban sa Polio!

Three (3) doses of bOPV + Two (2) doses of IPV **0-23 buwan**

One (1) dose of bOPV **24-59 buwan**

Ano ang Polio?

- Sakit na dulot ng poliovirus
- Umaatake ang poliovirus sa spinal cord at mga ugat na nagpapagalaw sa mga muscles, lalong lalo na sa paa, hanggang ang mga ito ay hindi na maigalaw at maparalisa habangbuhay.
- Maaari ring maparalisa ang diaphragm o ang muscle na ginagamit sa paghinga, kung kaya't maaaring mahirapang huminga ang pasyente. Maaari itong ikamatay.



DOHHealthyPilipinas @DOHgovph healthypilipinas.ph

Paano kumakalat ang Polio?

Pumapasok ang polio virus sa katawan sa pamamagitan ng pagkonsumo ng mga pagkain at inumin na kontaminado ng dumi ng tao na may polio virus.

Pabakunahan ang inyong mga anak laban sa Polio!

DOHHealthyPilipinas @DOHgovph healthypilipinas.ph

Anu-ano ang mga sintomas ng Polio?

Karamihan ng polio infection ay walang sintomas.

Kung meron man, maaari itong maihalintulad sa ibang mga sakit, tulad ng trangkaso na may lagnat at pananakit ng ulo, pagkapagod o fatigue. Maaari ring magkaroon ng paninigas ng leeg o stiff neck, o panghihina ng mga braso at binti.

Pabakunahan ang inyong mga anak laban sa polio!



Nagagamot ba ang Polio? Paano ito maiiwasan?

Walang gamot laban sa polio.

Maiiwasan ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng bakuna gaya ng Oral Polio Vaccine (OPV) at Inactivated Polio Vaccine (IPV) na bahagi ng routine immunization para sa mga batang

1 ½ buwan	2 ½ buwan	3 ½ buwan	9 buwan
OPV	OPV	OPV + IPV	IPV
1st dose	2nd dose	3rd dose	4th dose

Ngayong may banta ng outbreak, nagbibigay ng dagdag na dose ng OPV sa mga bata.

Pabakunahan ang inyong mga anak laban sa Polio!



DOHHealthyPilipinas @DOHgovph healthypilipinas.ph



Key Messages

Ang bakuna ang pinakamabisang panlaban sa mga vaccine-preventable disease katulad ng polio; ito ay nakatutulong na mapanatiling ligtas ang komunidad laban sa banta ng mga sakit na ito. Kaya pabakunahan na ang inyong mga anak ng OPV and IPV sa pinakamalapit na health center!

Key Message 1

Ang libreng bivalent-oral polio vaccine ay subok na ligtas at kasing bisa ng parehong bakuna na makukuha sa mga pribadong pasilidad.

Mahalagang makuha ng batang edad 0-24 buwan ang 3 doses ng bivalent oral poliovirus vaccine; at 1 dose ng parehong bakuna para sa mga batang edad 24-59 buwan. Ito ay libre, ligtas, at subok na mabisa.

Key Message 2

Ang pagsasagawa ng catch-up/ supplemental immunization activity para sa polio ay nakatutulong upang maiwasan ang pagkakaroon ng polio outbreak.

Sa pamamagitan ng catch-up/SIA, napapanatiling ligtas ang komunidad laban sa banta ng mga vaccine preventable disease tulad ng polio.

Key Message 3

Mahalagang makuha ng sanggol ang oral and inactivated poliovirus vaccine na nakapaloob sa national immunization program bago ito mag siyam (9) na buwan.

Maiiwasan ang pagkaparalisa na sanhi ng polio sa pamamagitan ng pagbabakuna ng oral at inactivated poliovirus vaccine. Ito ay ibinibigay sa bata mula sa unang buwan ng kapanganakan hanggang ika-9 na buwan.



Key Messages

Ang bakuna ang pinakamabisang panlaban sa mga vaccine-preventable disease; ito ay nakatutulong na mapanatiling ligtas ang komunidad laban sa banta ng mga sakit na ito.

Key Message 1	Key Message 2	Key Message 3
<p>Ang routine vaccines ay subok na epektibo at ligtas.</p>	<p>Ang pagsasagawa ng catch-up/ supplemental immunization activity ay nakatutulong upang maiwasan ang pagkakaroon ng mga outbreak.</p>	<p>Mahalagang makuha ng sanggol ang mga libreng bakunang nakapaloob sa national immunization program bago ito mag isang (1) taong gulang.</p>
<p>Ang routine vaccines ay napatunayang ligtas at epektibo dahil ang mga ito ay ginagamit na sa bansa sa loob ng mahigit 40 taon.</p>	<p>Sa pamamagitan ng catch-up/SIA, napapanatiling ligtas ang komunidad laban sa banta ng mga vaccine preventable diseases.</p>	<p>Maiiwasan ang mga komplikasyong dulot ng vaccine-preventable diseases sa pamamagitan ng pagbabakuna. Ito ay ibinibigay sa bata mula pagkapanganak hanggang ito ay mag isang (1) taong gulang.</p>

